



Simula sa Agosto 2024, lahat ng 10 komprehensibong middle school ng ASD ay tatanggap ng mga grade 6-8.

- Begich
- Clark
- Gruening
- Mears
- Romig
- Central
- Goldenview
- Hanshew
- Mirror Lake
- Wendler

Tatanggapin din ng Steller Secondary ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

Ang mga mag-aaral na pumapasok sa elementarya sa kanilang kapitbahayan at papasok sa ikaanim na baitang ay papasok sa middle school.

Pananatiliin ng Aquarian Charter, Chugach Optional at Denali Montessori ang kanilang mga silid-aralan sa ikaanim na baitang.

Simulan ang Pagpapalano Ngayon

Ang pagsasaayos na ito ay maaaring makaapekto sa mga iskedyul sa labas ng paaralan, tulad ng transportasyon, mga aktibidad at mga programa pagkatapos ng paaralan. Pag-isipan kung paano ito makakaapekto sa iyong pamilya at magsimulang mag-isip sa mga pagbabagong kailangan mong gawin.

Mga bagong pagkakataon at pangmatagalang benepisyo para sa mga mag-aaral

Ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa isang middle school ay may pagkakataong makatanggap ng:

- Higit pang mga opsyon para sa pangunahing pagtuturo
- Nadagdagang mga pagkakataon sa elektibo, kabilang ang musika, Career Technical Education at mga wika sa daigdig
- Araw-araw na mga klase sa PE at paglahok sa mga palakasan at aktibidad
- Mas malawak na kakayahang magamit ang pagpapayo sa paaralan
- Nadagdagang pang-araw-araw na pagtuturo sa araling panlipunan at agham
- Pagkakaroon ng mas mataas na antas ng matematika, kabilang ang algebra at geometry
- Kakayahang makasali sa mga palakasan, club at aktibidad ng middle school

